Government of Western Australia
Mental Health Commission

Kung hindi mo matutugunan ang mga batayan para kailanganing maging isang di-boluntaryong pasyente, ikaw ay papayagang umalis.

**May karapatan ka na:**

- tumanggap ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, lubusang mabigyan ng kaalaman tungkol sa anumang paggamot na iaalay sa iyo, at masagutan ang iyong mga tanong
- magkaroon ng pagsusuring pisikal matapos ipasok sa ospital
- ma-interbyu ng isang psychiatrist
- tanggihan ang anumang paggamot na hindi mo gusto
- umalis sa ospital sa anumang oras
- magmungkahi ng isang hinirang na tao (tingnan ang polyetong 'Mga Hinirang na Tao)
- kumontak sa mga tao sa pamamagitan ng koreo, telepono o elektroniko, at mabisita (ang karapatang ito ay maaaring limitado sa isang awtorisadong ospital)
- maging pribado at kompidensiyal
- makita ang iyong mga medikal na rekord (maaaring limitado ang karapatang ito)
- maging ligtas ang iyong mga personal na gamit habang ikaw ay nasa ospital
- magreklamo sa iyong mental health service o sa Health and Disability Services Complaints Office (HaDSCO) (tel: 1800 813 583)
- marebyu ang iyong kaso ng Mental Health Tribunal (tel: 08 6145 3900) kung ikaw ay isang pangmatagalang boluntaryong pasyente sa isang awtorisadong ospital.

## Higit pang impormasyon

Ang impormasyon sa polyetong ito ay nauukol sa mga batas na itinakda sa Mental Health Act 2014. Ang impormasyon tungkol sa Act ay nakabuod sa sumusunod na mga polyeto:

- Pagsangguni sa isang psychiatrist para sa isang pagsusuri
- Mga utos-paggamot para sa pasyenteng nasa ospital
- Mga utos-paggamot sa komunidad
- Impormasyon para sa mga boluntaryong pasyente
- Ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan
- Impormasyon para sa mga taong personal na tagasuporta
- Mga hinirang na tao: paano ang paghirang at ano ang kahulugan nito.

Ang iba pang polyeto ay makukuha mula sa:

- The Mental Health Tribunal
- The Mental Health Advocacy Service
- The Mental Health Law Centre.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mental Health Act 2014 at iba pang pagkukunan, bumisita sa website ng Mental Health Commission: www.mhc.wa.gov.au o tumelepono sa (08) 6272 1200.

This document can be made available in other languages and alternative formats on request.

Published by the Mental Health Commission (2015)

# Impormasyon para sa mga boluntaryong pasyente sa ospital



Ang polyetong ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at kung ano ang maaasahan mo kung ikaw ay ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan bilang isang boluntaryong pasyente sa isang ospital.

## Pagiging isang boluntaryong pasyente sa ospital

Kung ikaw ay ipinasok sa ospital bilang isang boluntaryong pasyente, ito ay dahil:

- naniwala ang isang psychiatrist na makikinabang ka mula sa paggamot at pangangalaga na tatanggapin mo sa ospital, at
- ikaw (o ang isang tao na magbibigay ng pahintulot para sa iyo – tulad ng isang tagapag-alaga) ay sumang-ayong ipasok ka.

## Ano ang maaasahan mo?

Ikaw ay magiging isa sa ilang pasyente sa ward at ipapaliwanag ng kawani ang mga tuntunin at karaniwang palakad sa pagtira sa ward. Habang nasa ospital, ikaw ay susuriin ng isang psychiatrist at iba pang kawani tulad ng mga sikologo, manggagawang panlipunan, occupational therapist at nars. Bibigyan ka ng masusing pagtasang pisikal at pangkaisipan upang malaman kung ano ang pinakamainam na paggamot at pangangalaga para sa iyong sakit pangkaisipan.

## Anong paggamot ang makukuha mo?

Maaaring kabilang sa paggamot ang medikasyon pati na occupational therapy, pagpapayo para sa indibiduwal o grupo, mga programang sikolohikal at electroconvulsive therapy.

Ang pagiging isang boluntaryong pasyente ay nangangahulugan na walang paggamot ang maibibigay sa iyo nang walang may-kaalamang pahintulot mula sa iyo (o mula sa isang tao na makakapagbigay ng pahintulot para sa iyo – tulad ng isang tagapag-alaga).

Upang makapagbigay ng may-kaalamang pahintulot, dapat ay kaya mong:

- maunawaan ang impormasyon tungkol sa paggamot sa iyo, ang paliwanag tungkol sa iba pang paggamot at mga babala tungkol sa anumang panganib,
- maunawaan ang mga bagay na kasangkot sa iyong pasiya tungkol sa paggamot,
- maunawaan ang epekto ng iyong pasiya tungkol sa paggamot,
- isaalang-alang ang mga dahilang kasangkot sa iyong pasiya, at
- ipabatid ang iyong pasiya.

Dapat ka ring bigyan ng sapat na panahon upang pag-isipan ang impormasyong ito, magtanong at humiling ng karagdagang impormasyon o payo.

Kung tatanggihan mo ang paggamot at sa palagay ng kawani ay kailangan ang paggamot upang mailigtas ang iyong buhay o mahadlangan ka sa pagpinsala sa sarili o sa iba, kung gayon ay maibibigay ang paggamot nang walang pahintulot. Ito ay tinatawag na pangkagipitang paggamot sa sakit pangkaisipan (emergency psychiatric treatment).

## Paglabas at pag-alis ng ospital

Bilang isang boluntaryong pasyente, makakaalis ka ng ospital kailan mo man gustuhin, o kung palalabasin ka ng iyong psychiatrist. Kung iniisip mong palabasin ang sarili, mahalagang talakayin mo muna ito at ng iyong psychiatrist at iba pang mga kawani.

## Maaari ka bang patigilin sa ospital nang laban sa iyong kalooban?

Kung gusto mong umalis sa ospital laban sa payong-medikal, at sa isip ng isang awtorisadong praktisyoner ng kalusugang pangkaisipan (isang lubos na kwalipikadong praktisyoner ng kalusugang pangkaisipan) na kailangan mo ng isang di-boluntaryong utos-paggamot, maaari ka niyang isangguni para masuri ng isang psychiatrist sa isang Form 1A referral.

Kung ikaw ay nasa isang awtorisadong ospital (ospital na tumatanggap din ng di-boluntaryong mga pasyente), maaari kang pigilin sa pag-alis nang hanggang 6 na oras upang matingnan ka ng doktor/praktisyoner at magpasiya kung isasangguni ka o hindi sa isang psychiatrist.

Sa oras ng pagsusuri, isasaalang-alang ng psychiatrist ang mga sumusunod na batayan, upang makapagpasiya kung kailangan mo o hindi ng di-boluntaryong paggamot:

- Ikaw ba ay may sakit sa kaisipan na kailangang gamutin?
- May malaking panganib ka ba sa sarili o sa ibang tao kung hindi ka gagamutin?
- Ikaw ba ay sapat na magaling upang makapagpasiya tungkol sa paggamot?
- Mayroon bang mas hindi mahigpit na paraan ng paggamot sa iyo kaysa sa di-boluntaryong paggamot?